International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

# SOCIOLINGUISTIC COMPETENCE, LINGUISTIC INTELLIGENCE, AND SELF-EFFICACY IN TEACHING FILIPINO: INPUT TO PEDAGOGICAL ENHANCEMENT IN NATIONAL HIGH SCHOOLS OF CAPIZ

**RICAFLOR R. AVILA**
Filamer Christian University
ricaforavila20@gmail.com

## Abstract

Sociolinguistic competence and linguistic intelligence are two of the most important pedagogical skills a Filipino teacher should possess along with self-efficacy in teaching Filipino subjects. This mixed-method research aims to determine the relationship of sociolinguistic competence and linguistic intelligence to self-efficacy in teaching Filipino in secondary schools of the Department of Education in the Province of Capiz, School Year 2022-2023. Utilizing stratified random sampling, 210 Filipino teachers in the secondary level were selected as the respondents of the study. It was conducted in Capiz Division, composed of 17 districts, and Roxas City Division. Sociolinguistic competence was measured using a researcher-made questionnaire with reliability index of 0.92 while the self-efficacy was measured using the revised Bandura's Standardized instrument with a reliability index of 0.92. Focused Group Discussion (FGD) was conducted to gather in-depth qualitative data using Focused Group Discussion Guide which also had passed face and content validation. Quantitative data were analyzed with the use of frequency counts, means, standard deviations, Pearson r Correlation. Overall, Filipino teachers in the secondary level had "very high" level of sociolinguistic competence; "good" in their linguistic intelligence; and had "very high" level of self-efficacy in teaching Filipino. There was a significant relationship between the sociolinguistic competence and self-efficacy of the Filipino teachers. To address the gap discovered from the results of the study, a Training Course Design for Filipino Teachers was developed.

***Keywords*: Sociolinguistic competence, self- efficacy, Filipino teachers, DepEd secondary level**

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

# SOSYOLINGGWISTIKONG KOMPITENS, KATALINUHANG PANLINGGWISTIKA AT SELF-EFFICACY SA PAGTUTURO NG FILIPINO: INPUT SA PEDAGOLOHIKAL NA PAGPAPAHUSAY SA MGA MATAAS NA PAARALAN NG CAPIZ

**RICAFLOR R. AVILA**
Filamer Christian University
ricaforavila20@gmail.com

## Abstrak

Ang sosyolinggwisktikong kompitens at katalinuhang panlinggwistika ay dalawa sa pinakamahalagang pedagohikal na kasanayan na dapat taglayin ng isang guro kasama ng self-efficacy sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino. Ang mixed-method na pananaliksik na ito ay naglalayon na matukoy ang kaugnayan ng sosyolingguwistikong kakayahan at katalinuhang panlinggwistika sa self-efficacy sa pagtuturo ng Filipino sa mga mataas na paaralan ng Department of Education sa Lalawigan ng Capiz, School Year 2022-2023. Gamit ang stratified random sampling, 210 na mga guro sa Filipino sa antas sekondarya ang napili bilang mga tagatugon ng pag-aaral. Isinagawa ito sa Capiz Division, na binubuo ng 17 distrito, at Roxas City Division. Ang sosyolinggwistikong kompitens ay sinukat gamit ang isang talatanungan na ginawa ng mananaliksik na may reliability index na 0.92 habang ang self-efficacy ay sinusukat gamit ang revised Bandura's Standardized Instrument na may reliability index na 0.92. Ang mga tagatugon ay hiniling na sumulat ng isang sanaysay tungkol sa " Ang Wikang Filipino sa Pagtuturo at Pagpapaunlad ng Kultura sa Antas Sekondarya " upang masukat ang kanilang katalinuhang panlinggwistika na ginamitan ng rubrics sa pag-iskor ng mga inter-rater. Ang Focus Group Discussion (FGD) ay isinagawa upang mangalap ng malalim na kwalitatibong datos gamit ang Focus Group Discussion Guide na pumasa rin sa face and content validation. Sinuri at inalisa ang mga datos gamit ang mean, frequency, standard deviation, at Pearson r Correlation. Sa pangkalahatan, ang mga guro sa Filipino sa antas sekondarya ay may "napakataas" na antas ng sosyolinggwistikong kompitens; "mahusay" sa kanilang katalinuhang panlinggwistika; at nagkaroon ng "napakataas" na antas ng self-efficacy sa pagtuturo ng Filipino. Nagkaroon ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahang sosyolinggwistiko at self-efficacy ng mga guro sa Filipino. Upang matugunan ang gap na natuklasan mula sa mga resulta ng pag-aaral, isang Course Training Design para sa mga guro sa Filipino ang binuo ng mananaliksik.

**Mga Susing Salita: Sosyolinggwistikong kompitens, katalinuhang panlinggwiska, self-efficacy, mga guro sa Filipino, DepEd antas sekondarya**

## Introduksyon

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

Ang pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika ay may kaakibat na malaking hamon sa mga gurong nagtuturo nito sa kadahilanang nakasalalay sa guro ang kanilang pagkatuto batay sa kasanayan, kakayahan at lawak ng kaalaman sa wika, dahil siya ang isa sa pinakaimpluwensya sa akademikong performans ng mga mag-aaral.

Tunay na mahalaga na sapat na kahandaan ang kailangan ng mga guro sa Filipino lalo na sa paggamit ng wika at mga makrong kasanayang pagsasalita, pakikinig, pagbabasa, pagsusulat at panonood. Samakatuwid, ang kakayahan sa pagtuturo ay makikitaan ng malawak na kaalaman at kahusayan at kahandaan sa kanilang sosyolinggwistikong kompitens, katalinuhang panlinggwistika at ang pagiging epektibo ng sarili (self-efficacy) sa pagtuturo ng Filipino (Banares, 2022).

Gayunpaman, ngayon, ang mga guro sa Filipino ay kailangang matuto ng iba pang wika para sa aktibong paggamit nito bilang resulta ng dumaraming panangangailangan maging sa sosyedad. Ang pangangailangang ito ay dapat na maingat na pinag-aaralan at maisama sa kurikulum sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa loob ng klase sa pamamagitan ng mga guro na nagsisilbing daluyan ng pagbabago at pag-unlad.

Ang pag-aaral at pagtuturo ng pangalawang wika ay isang holistikong proseso na nangangailangan hindi lamang ng masteri ng istruktura, diskurso at estratehikong mga tuntunin kundi kasama na rin ang pag-internalays ng mga sosyolohikal na panuntunan upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagpili ng mga angkop na anyo na pagagamitan ng wika.
Ang mahusay na pagkaunawa sa isang wika ay magiging isang pakinabang lalo na sa mga mag-aaral na kumakaharap sa iba't ibang aktibidad na nangangailangan ng kasanayang pangwika.

Ang kompitens sa paggamit ng wika ay may kaugnayan din sa linggwistikong katalinuhan (linguistic intelligence) ng mga guro maging ng mga mag-aaral bilang isa sa mga Multiple Intelligences ni Howard Gardner na nagsasangkot ng isang malakas na kakayahang gumamit ng pasalita at pasulat na pamamaraan.

Ang pagiging epektibo ng isang guro ay saganang pinag-aaralan dulot ng iba't ibang salik kasama na rito ang performans ng mga mag-aaral na napatunayang may positibong kaugnayan. Ang mas mahusay na guro na handang sumuong sa ano mang hamon sa mas mataas na antas ng istandard sa kanyang klase ay nagreresulta sa mas mahusay na pagtuturo. Sa ganitong mga kalagayan, ninanais ng mananaliksik na sukatin at alamin kung ang sosyolinggwistikong kompitens at katalinuhang panlinggwistika ay may pagkakaugnay sa self-efficacy ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong malaman ang ugnayan ng sosyolinggwistikong kompitens, katalinuhang panlinggwistika at self-efficacy sa pagtuturo ng Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz, Taong Panuruan 2022-2023.

Sa katiyakan, nilayon ng pag-aaral na ito na matugunan ang mga sumusunod na katanugan:

1. Ano ang antas ng sosyolinggwistikong kompitens ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino?
2. Ano ang antas ng katalinuhang panlinggwistika ng mga guro sa Filipino?
3. Ano ang antas ng self-efficacy ng mga guro sa psgtuturo ng Filipino?
4. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng sosyolinggwistikong kompitens, karunungnang panlinggwiskta at self-efficacy ng mga guro sa Filipino?

**Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang paggamit ng wika ay hindi lamang nakakahon sa ating layunin ng pakikipagtalastasan. Sa isang lipunang binubuo ng iba’t ibang kultura, dibersidad, pag-uugali at wikang katutubo, iba-iba rin ang paraan ng pakikipag-usap batay sa panlipunang konteksto. Sa pagtukoy sa mga panlipunang tungkulin ng wika at ang mga paraan ng paggamit nito, naihahatid ang gampanin ng lipunan sa tao.

Ayon kina Holmes, J. and Wilson, N. (2022), ang pagsusuri sa paraan ng paggamit ng mga tao ng wika sa iba't ibang kontekstong panlipunan ay nagbibigay ng maraming impormasyon tungkol sa paraan ng paggana ng wika, gayundin ang tungkol sa mga ugnayang panlipunan sa isang komunidad, at kung paano inihahatid at binubuo ng mga tao ang mga aspeto ng kanilang pagkakakilanlan sa lipunan sa pamamagitan ng kanilang wika.
Ibig sabihin, ang wika bilang isang panlipunang penomena ay malapit na nakatali sa istrukturang panlipunan at mga sistema ng halagang panlipunan, nasusuri ang mga diyalekto at accent sa iba't ibang paraan.

Tinitingnan ang sosyolinggwistika bilang nailalarawan sa ilang mga teoretikal na katayuan sa mga gawaing pangwika at sa pamamagitan ng isang karaniwan na metodolohikal na paninindigan, na lumalampas sa mga pagkakaiba sa mga paaralan at dulog. Kabilang sa mga karaniwang teoretikal na saklaw, ang pokus ay ang heterogeneity bilang batayan ng prinsipyo. Sa pagsasaalang-alang sa mga pamamaraan, umiiral ang pagbuo ng mga larangan ng pagtatanong, ang pagmamasid sa mga sitwasyong panlipunan, at ang pangangalap ng linggwistikong datos.

Nangangahulugan lamang na ang pamamaraan ng pag-alam ng wika at ang pinanggagamitan nito ay nangangailangan ng masusi at malalimang pagtatanong na maaaring suriin batay sa sitwasyong panlipunan. Kagaya na lamang ang pagsipat sa kakayahan o ang kompitens ng isang indibidwal sa paggamit ng wika sa iba’t ibang sitwasyong panlipunan halimbawa na ang komunidad, paaralan, tahanan at klase ng tao.

Ang wika bilang pangunahing kasangkapan sa komunikasyon ay mahalaga upang punan ang mga puwang (gap) sa posibleng haharapin at malalampasan ang mga isyu at alalahanin ng lipunan lalo na sa berbal at di-berbal na kakayahan sa komunikasyon.

Ayon naman kina Tezel, F. et.al., (2017), sa pagtuturo ng wika, ang mga guro ay ang mga catalyst para sa pag-aaral na magaganap sa pamamagitan ng pagdadala sa isip ng mga mag-aaral at sa target na wika nang magkasama. Sa puntong ito, nagiging mahalaga ang mga katangian ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

isang target na guro ng wika. Isa sa mga katangian ay ang linguistic intelligence ng pagtuturo ng wika.  Kung, mas mataas ang katalinuhang panlinggwistika ng guro sa wika ay mas magiging maganda ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng estudyante. Gaya ng lahat ng iba pang uri ng katalinuhan, ang katalinuhang panlinggwistika ay maaaring mabuo kapag ito ay pinagyaman.

Ang mga paniniwala naman sa self-efficacy ay isang mahalagang bahagi ng pagtiwala sa sarili at mga saloobin ng tao, at mayroon itong impluwensya sa mga pag-uugali na maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa kalidad ng buhay ng isang tao. Sa madaling salita, ang self-efficacy ay ang pinaniniwalaan ng isang tao na magagawa niya sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang mga kakayahan sa ilang mga kundisyon (Lopez et al., 2018).

Kung dadalumatin ang pagkakaugnay ng mga nakalap na pag-aaral, sa guro magmumula ang paniniwala na ang pagtuturo ay nangangailangan ng matibay na tiwala sa sarili upang maging epektibo.  Ang guro ang siyang pasiliteytor ng klase at ang mga mag-aaral naman ang pinaksentro ng pagtuturo at pagkatuto.  Ang guro ang tunay na nag-aangkin ng mga kakayahan at kasanayang propesyunal, magandang saloobin at pananaw sa propesyon at may kaaya-ayanga katangiang personal.

Kung lilimiin, ang mga katangiang ito ay magdadala sa kanya sa mabisang pakikisalamuha at pakikitungo sa mga tao sa kanyang lipunang ginagalawan.  Ang wika at lipunan ay magkatuwang sa holitistikong paghubog ng pagkatao ng isang indibidwal maging ng isang guro. Ang kanyang pakikitungo sa mga tao sa paaralang kanyang pinaglilingkuran ay nangangailangan ng kakayahang pangwika dahil ito ang magdudugtong ng tulay sa pagitan ng mga pangangailangan ng mga mag-aaral at sa kung ano pa ang kayang maibigay ng guro sa kanila.

Ang kanyang katatasan at kasananayan sa paggamit ng wika, at kahusayan sa pagsulat maging ang kognitibong pagproseso ng mga kaalaman at iba pang makrong kasanayan ay makakatulong sa kanyang epektibong pagtuturo.  Batay sa mga nakalap na resulta ng mga pag-aaral at kaugnay na literatura, ang mga kasanayang nabanggit na dapat taglayin ng isang guro na nagtuturo ng wika ay magdudulot ng matagumpay at mataas na kahusayan sa kanyang napiling propesyon.

## Mga Pamamaraan sa Pag-aaral at Metodo

### Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang naging tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang 210 na mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz, Kagawaran ng Edukasyon.  Ang pananaliksik ay gumamit ng stratified random sampling sa pagpili ng mga guro sa Filipino bilang mga tagatugon mula sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz.  Ang stratified random sampling ay isang pamamaraan na nagtatangkang bigyan ng limitasyon ang mga posibleng sampol sa mga "less extreme" sa pamamagitan ng pagtiyak na ang lahat ng bahagi ng populasyon ay may representasyon upang mapataas ang pagtatantya (estimation). Gumamit ng Slovin formula sa pagtukoy ng nais na sample size mula sa isang populasyon.

### Pangangalap ng Datos

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga Division Schools Superintendent ng Capiz Division at Roxas City Division, Kagawaran ng Edukasyon upang isagawa ang pag-aaral sa mga kaguruan ng probinsiya ng Capiz.

Ang pagkuha ng nasabing instrumento ay ginawa pagkatapos ng pitong araw mula sa petsa ng pagtanggap ng mga tagatugon. Ang mga datos na nakalap itinabyuleyt, sinuri, inalisa, at binigyan ng interpretasyon gamit ang naaangkop na mga tool sa istatistika. Ang mga resulta ay itinuring na lubos na kumpidensyal.

Ang focus group discussion ay isinagawa kasama ang mga natukoy na tagapagtalakay (discussants). Nagkaroon ng moderator o facilitator na gumabay sa mga mahahalagang talakayan tungkol sa paksa. Ang mga kalahok ay tinukoy mula sa target na populasyon upang makuha ang kanilang mga ideya at opinyon na magbibigay linaw sa suliranin sa pananaliksik. Ito ay naganap pagkatapos na maanalisa at mabigyan ng interpretasyon ang mga kwantitatibong datos batay sa resulta mula sa sosyolinggwistikong kompitens, katalinuhang panlinggwistika at self-efficacy sa pagtuturo ng Filipino.

**Paglalahad ng Interpretasyon**

Matutunghayan sa mga sumusunod na talahanayan ang intepretasyon ng mga datos na nakalap at nasuri.

**Antas ng Sosyolinggwistikong Kompitens ng mga Guro sa Filipino**

Talahanayan 1.
*Mean at Standard Deviation ng Antas ng Sosyolinggwistikang Kompitens ng mga Guro sa Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz*

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Sosyolinggwistikang Kompitens | 4.55 | Napakataas | 0.36 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4.21 – 5.0 | Napakataas |
| 3.41 – 4.20 | Mataas |
| 2.61 – 3.40 | Katamtaman |
| 1.81 – 2.60 | Mababa |
| 1.00 – 1.80 | Napakababa |

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang antas ng sosyolinggwistikang kompitens ng mga guro sa Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz ay “napakataas” (M = 4.55, SD = 0.36). Ito ay nangangahulugan lamang na ang mga guro sa Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz ay may napakataas na kahusayan sa kanilang sosyolinggwistikang kompitens sa pagtuturo ng Filipino sa mga kontekstong panlipunan na kalakip ang pagsasaalang-alang ng mga pamantayan, pagpapahalaga, paniniwala at padron (pattern) ng kultural na pag-uugali. Ito ay tumutugma sa mga naging tugon ng dalawang tagapagtalakay sa Focus Group Discussion na isinagawa, na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

ayon sa kanila, nakapagpatunay na mahalaga ang pagiging magalang sa paggamit ng wika sa loob ng klase upang magkaroon ng interaktibo at epektibong pakikipag-ugnayan sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Sumasang-ayon ito sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina Amira Latrech at Abdulkhaliq Alazzawie (2022), kung saan mas maraming Face Saving Act (FSA) ang ginagawa ng mga guro kaysa Face Threatening Acts (FTAs). Ang lahat ng mga guro ay sumang-ayon na kapag ang kanilang mukha ay nalagay sa pagbabanta, sila ay ililigtas nito kahit na ito ay nangangahulugan ng paglalagay sa mukha ng mag-aaral sa pagbabanta.

**Antas ng Katalinuhang Panlinggwistika ng mga Guro sa Filipino**

Talahanayan 2.
*Mean at Standard Deviation ng Antas ng Katalinuhang Panlinggwistika ng mga Guro sa Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz*

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Katalinuhang Panlinggwistika | 62.85 | Mahusay | 16.39 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 80.01-100.00 | Napakahusay |
| 60.01-80.00 | Mahusay |
| 40.01-60.00 | Katamtaman |
| 20.01-40.00 | Kailangang Paunlarin |
| 0.00-20.00 | Nangangailangan ng Tulong |

Batay sa resulta ng pag-aaral, matatagpuan sa Talahanayan 2 ang antas ng katalinuhang panlinggwistika ng mga guro na "mahusay" (M = 62.85; SD = 16.39). Sa ganitong resulta, nagpapahiwatig lamang na sa kasanayang katalinuhang panlinggwistika na may katiyakan sa pagsulat ng mga tagatugon, nangangailangan ito ng pagpapahusay para sa ikauunlad ng kanilang kasanayan. Ilan sa mga napansing aspeto ng kasanayang pagsulat na kailangang pagtuunan ng pansin ng mga tagatugon ay ang wastong gamit ng mga salita at bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay, organisasyon ng nilalaman, wastong pagtatalata, paggamit ng wastong aspekto ng pandiwa at panghalip na panao, at kakulangan sa sistema ng pagbubuo ng pangungusap. Ang ganitong resulta ay mapapatunayan ng karamihan sa mga tagapagtalakay sa FGD na ang katalinunhang panliggwistika lalo na ang pagsulat ay nangangailangan pa ng paghubog sa mga aspetong pangkanasayan ng mga guro.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

**Antas ng Self-Efficacy ng mga Guro sa Filipino**

Talahanayan 3.
*Mean at Standard Deviation ng Antas Self-Efficacy ng mga Guro sa Filipino sa mga Mataas na Paaralan ng Capiz*

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Self-Efficacy | 4.47 | Napakataas | 0.46 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4.21 – 5.0 | Napakataas |
| 3.41 – 4.20 | Mataas |
| 2.61 – 3.40 | Katamtaman |
| 1.81 – 2.60 | Mababa |
| 1.00 – 1.80 | Napakababa |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang resulta ng Antas ng Self-Efficacy ng mga saa guro sa Filipino na "napakataas" (Mean = 4.47 at SD na 0.46.). Inilalahad na ang mga guro sa Filipino sa antas sekondarya ng Capiz ay nagtataglay ng napakapositibong mga pamamaraan sa self-image at self-coping sa pag-unawa sa kanilang mga nakaharap na hamon sa paggawa ng desisyon, mapagkukunan ng paaralan (resources), pagiging epektibo sa pagtuturo, disiplina ng mga mag-aaral, pakikilahok ng mga magulang at komunidad, at kapaligiran sa pag-aaral. Ipinapahiwatig lamang na nakapataas ang tiwala ng mga guro sa kanilang kakayahan na gawin ang mga kinakailangang hakbang upang makabuo ng matagumpay na gawain. Naniniwala sila na magagawa nila ang kanilang mga gampanin bilang guro sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga kakayahan sa ilang partikular na kondisyon sa paaralan. Sinuportahan ito ng resulta ng pag-aaral nina Alibakhshi, G., et.al. , (2020) na 80% sa mga tagatugon ay naniniwala na ang mga gurong may mataas na kahusayan sa pagtuturo ay sumusubok na gumamit ng mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo na naaayon sa kanilang mga kasanayan. Dagdag pa rito, iminungkahi ng mga tagatugon batay sa kanilang pag-aaral na ang Teacher's Self-Efficacy (TSE) ay nag-aambag sa iba't ibang mga kasanayan sa pagtuturo tulad ng pagtuturo na nakatuon sa proseso, ang kakayahang gumamit ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo, pakikisali sa mga aktibidad sa propesyonal na pag-aaral, pagsubok ng mga bagong diskarte sa pagtuturo upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan, at pagbabago ng kanilang kasanayan upang itaguyod ang proseso- nakatuon sa pag-aaral ng mag-aaral.

**Kaugnayan sa Pagitan ng Sosyolinggwistikang Kompetensi, Karunungnang Panlinggwiskta at Self-efficacy ng mga Guro sa Filipino**

Talahanayan 4
*Pearson r sa pagitan ng Sosyolinggwistikang Kompitens, Katalinuhang Panlinggwistika, at Self-Efficacy*

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 4 Issue 2 | 2023
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 233-243

| Baryabol | r | Sig. |
|---|---|---|
| Sosyolinggwistikang Kompitens at Katalinuhang Panlinggwistika | .003$^{ns}$ | 0.962 |
| Sosyolinggwistikang Kompitens at Self-Efficacy | .627* | 0.000 |
| Katalinuhang Panlinggwistika at Self-Efficacy | (-).104$^{ns}$ | 0.134 |

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng ugnayan ng sosyolinggwistikong kompitens, karunungang panlinggwistika, at Self Efficacy ng mga guro sa Filipino sa probinsiya ng Capiz. Inilahad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Sosyolinggwistikong Kompitens at Katalinuhang Panlinggwistika ($r = .003$, $p = 0.962 > .05$); may makabuluhang ugnayan naman sa pagitan ng sosyolinggwistikong kompitens at self-efficacy ($r = .627$, $p = 0.000 < .05$); at walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng katalinuhang panlinggwistika at self-efficacy, [r=(-).104,p = .132 > .05]. Ibig sabihin, ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sosyolinggwistikong kompitens at self-efficacy lamang ang tatanggapin mula sa nabuong hypothesis. Ang resultang ito ay maliwanag na nagpapakita na ano mang pagtaas o pagbabago sa kakayahang sosyolinggwistika ay hindi nakaaapekto sa katalinuhang panlinggwistika ng mga guro sa Filipino.

**Kongklusyon**

1. Ang mga guro sa Filipino ay nagtataglay ng kaugnay na kaalaman sa nilalaman ng sosyolinggwistika at may kasanayang pedagohikal na kailangan sa pagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya.
2. Hindi pa lubusang nahahasa ng mga guro sa Filipino ang kanilang mga kasanayang pangwika partikular sa pagsulat ng sanaysay; kaya, mayroon pa rin silang mga silid para sa pagpapabuti upang mapahusay ang kanilang katalinuhang panlinggwistika.
3. Ang mga guro sa Filipino ay may tiwala sa pagharap ng mga paghihirap sa kanilang mga gawaing pedagohikal; mabisa at mahusay sa pagtupad ng iba pang mga tungkulin at gawain bukod pa sa kanilang regular na klase; at instrumento ng positibong pagbabago sa buhay ng kanilang mga mag-aaral.
4. Ang mga guro sa Filipino na may kakayahan sa sosyolinggwistika ay may mataas na self-efficacy. Kung mas mataas ang sosyolinggwistikong kompitens ng mga guro sa Filipino, mas mataas ang kanilang self-efficacy.

**Rekomendasyon**

1. Ang mga guro sa Filipino sa antas sekondarya ay maaaring magpatuloy na maglagay ng mga pagpapahalaga sa kanilang pang-araw-araw na mga aralin na nakatuon sa kahalagahan ng pagiging magalang upang mahikayat ang mga mag-aaral na makilahok at maging aktibo sa kanilang mga talakayan sa klase. Maaari rin silang gumamit ng holistic na pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino bilang wika at isang midyum ng pagtuturo na isinasaalang-alang ang mga aspeto ng sosyolinggwistika.
2. Maaaring isaalang-alang ng mga pinuno ng Learning Action Cell (LAC) ng departamentong Filipino sa mga mataas na paaralan na isama ang mga paksa sa bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, organisasyon ng nilalaman, aspekto ng pandiwa, panghalip na panao, at pagbuo ng pangungusap na isasama sa kanilang mga sesyon ng LAC.
3. Ang mga pinuno ng paaralan ay maaaring magdisenyo ng isang psycho-social support na pagsasanay/workshop sa bawat quarter para sa mga guro sa Filipino upang mapangalagaan ang kanilang kalusugang pangkaisipan at bigyang kakayahan pa silang gampanan ang kanilang mga gawain nang may malusog na pag-iisip, mabuting puso, at katapangan sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino.
4. Ang Filipino coordinator sa bawat paaralan ay maaaring magdisenyo ng gawain sa panahon ng kanilang In-Service Training upang sanayin ang mga guro sa Filipino na kasiya-siyang gumanap sa kanilang Classroom Observation Tool(COT) sa bawat quarter upang magkaroon ng karagdagang kaalaman sa nilalaman sa sosyolinggwistika at mapahusay ang pagiging epektibo ng pagtuturo.

**Mga Sanggunian**

Alibakhshi, G., Nikdel, F. and Labbafi, A. (2020), Exploring the Consequence of Teachers' Self-Efficacy: A Case of Teachers of English as a Foreign Language, Asian Pacific Journal of Second and Foreign Language Education

Astifo, A. (2021), Implementing Sociolinguistics Competence Teaching Strategies in Classroom Settings and Their Impact on Students' Reading Behavior, College of Education, Salahaddin University -Hawler

Bandura, A. (2009), Self-Efficacy in Changing Societies, Cambridge University Press, The Edinburgh Building, Cambridge CB2 8RU, UK

Baldonado, R., Chan., J., Calimlim, K. (2018) Linguistic Intelligence of Junior AB English Students in Relation to their Socio-Demographic Profile, Southeast Asian Science of Technology
.
BANARES, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(July Special Issue), 189–204. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

De Leon, E. at Abuan, T., (2021), Pananaliksik-Wika at Panitikan, Lorimar Publishing Inc., Cubao, Quezon City

Ferra, M., et.al., (2022) Sociolinguistic Competence and Training Needs of Future Primary Education Teachers, Revista Caribena de Investigacion Educativa

Gonzales, J. and Enoc, J. (2021), Introduction to Linguistics, Lorimar Publishing Inc., Cubao, Quezon City

Halliday, M.A.K (2014), Halliday's Introduction to Functional Grammar, Hodder Education, Hachette UK Company

Handaynia, R. Sakkirb, G. and Kasman, R. (2021), The Influence of Verbal Linguistic Intelligence on Students Learning Outcomes in English at SMA Negeri 1 Sidrap, Journal of Education and Learning Innovation

https://sites.socsci.uci.edu/~lpearl/CoLaLab/presentations/Barouni2013_PolitenessComputing.pdf

https://lsa.umich.edu/content/dam/sweetland-assets/sweetland-documents/teachingresources/GivingFeedbackonStudentWriting/Sample_EssayGradingRubric.pdf